# Ang Hiwaga Ni Domeng Dyip




Kuwento ni:
JHEZA F. SANTOS

Guhit ni:
ANNA KATHERINE B. DOROJA

Dahil sa trabaho ng mga magulang ni Dan, hindi siya nagkaroon ng pagkakataon na magkaron ng mga matalik na kaibigan. Bukod pa rito ay laging naiiwang mag-isa si Dan sa kanilang bahay. Laruan ang laging kasa-kasama at takbuhan ni Dan sa mga panahon na siya ay nalulungkot. Dahil dito, may nakilala si Dan na isang kaibigan. Si Domeng Dyip.

Sa tulong ni Domeng Dyip ay nakapamasyal si Dan sa buong komunidad.

Anu-ano ang mga lugar sa komunidad na kanilang pinuntahan? Sino nga ba si Domeng Dyip? Ano nga ba ang hiwagang dala ni Domeng Dyip?

| Asignatura | Kasanayang Pampagkatuto |
|---|---|
| Araling Panlipunan | *3. Natutukoy ang mga bumubuo ng komunidad: (AP2KOMIb-3)*<br>*3.1 Mga tao: iba't ibang naninirahan sa komunidad, mga pamilya o mag-anak (AP2KOMIb-3.1)*<br>*3.2 Mga institusyon: paaralan, mga sentrong pamahalaan o nagbibigay-serbisyo, sentrong pangkalusugan, pamilihan, simbahan o mosque, at iba pang pinagtitipunan ng mga kasapi ng ibang relihiyon (AP2KOMIb-3.2)* |
| Edukasyon sa Pagpapakatao | *6. Nakapagpapakita ng pagkamagiliwin at pagkapalakaibigan na may pagtitiwala sa mga sumusunod: (EsP2P- IIa-b – 6)*<br>*6.2. kamag-anak (EsP2P- IIa-b – 6.2)*<br>*6.5. bagong kakilala (EsP2P- IIa-b – 6.5)* |
| English | *Talk about one's activities/responsibilities at home and in school and community (EN2OL-IIa-b-1.3.3)* |
| Mother Tongue | *Participate actively during story reading by making comments and asking questions using complete sentences. (MT2OL-Ia6.2.1)* |

## Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in the work of Government of the Philippines. However, prior approval of Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit, DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use of any purpose of stutues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assembles and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Santos, Jheza F. *Ang Hiwaga ni Domeng Dyip.* DepEd-BLR, 2019.

DEVELOPMENT TEAM

Kuwento ni: Jheza F.Santos
Guhit ni: Anna Katherine B. Doroja


Learning Resource Managers: Florante A. Garcia, Education Program Supervisor

Caloocan City
National Capital Region


# Ang Hiwaga Ni Domeng Dyip



Bagong lipat lamang ang pamilya ni Dan sa Lungsod De Luna. Lumaking mapag-isa si Dan at takot sa tao. Palipat-lipat ang tirahan nila, kung kaya't wala siyang naging matalik na kaibigan.



Bukod pa rito ay laging naiiwang mag-isa si Dan sa kanilang bahay dahil sa trabaho ng kaniyang mga magulang. Pulis ang kaniyang Papa at kawani sa himpilan ng bombero ang kaniyang Mama.






Buong linggo, abala ang kanyang mga magulang. Tuwing araw ng Lunes, maagang pumapasok ang mga ito sa trabaho.




“Dan, papasok na kami ng Mama mo sa trabaho. Huwag kalimutan ang lagi naming bilin na dito ka lang sa loob ng bahay,” paalala ng kaniyang Papa.


“Kung nagugutom ka ay may inihanda na akong pagkain sa mesa,” dagdag pa ng kaniyang Mama.



Tuwing araw ng Martes ay day-off ng kaniyang Mama. Sa araw na ito ay abala siya sa mga gawaing-bahay.





Miyerkoles naman ang pahinga ng kaniyang Papa, ngunit nagboboluntaryo ito sa paaralan upang magturo.



Sa tuwing aalis ang mga magulang ni Dan ay palaging bilin sa kaniya na huwag na huwag lalabas ng bahay.

“Lagi na lang ako naiiwang mag-isa, walang makalaro at bawal din lumabas ng bahay,” malungkot na bulong ni Dan sa kaniyang sarili.
Dahil hindi siya pinapayagang lumabas ng kaniyang mga magulang ay sinisiguro nila maraming laruan sa loob ng bahay si Dan at isa na rito ang paborito niyang laruang dyip.








Araw ng Huwebes at nasa trabaho na naman ang mga magulang ni Dan.

Habang namamahinga sa kaniyang kuwarto, si Dan ay may narinig na kakaibang tunog ng sasakyan sa sala.

Dali-dali siyang bumaba upang tingnan kung ano ito. Laking gulat ni Dan nang nakita niya ang pinagmumulan ng tunog.



“Magandang araw, Dan!” bati ng laruang dyip.
Sa sobrang pagkagulat ay hindi ito nakapagsalita.




“Ako ang paborito mong laruan. Ako si Domeng Dyip,” dagdag pa ng mahiwagang dyip.

"Do-do-domeng?" nauutal na sambit ni Dan.

"Oo, ako nga! Ako ay isang mahiwagang dyip. Ako ay naparito upang makipagkaibigan sa'yo," pagpapaliwanag ni Domeng Dyip.

May takot man sa umpisa ay unti-unting nakapalagayan ng loob ni Dan si Domeng Dyip at naging matalik silang magkaibigan.

Kinabukasan, araw ng Biyernes, nang naglalaro sila sa bakuran ay napansin ni Domeng Dyip ang lungkot ni Dan habang pinagmamasdan ang mga batang naglalaro sa labas ng kanilang bahay.

"Gusto mo bang mamasyal tayo sa labas?" pag-aaya ni Domeng Dyip.




“Ngunit kabilin-bilinan nila Mama at Papa ay huwag ako lalabas. Bukod pa run ay bago lang kami dito at hindi ko pa alam ang lugar na ito,” sagot ni Dan.

“Huwag ka mag-alala, kasama mo ako. Hinding-hindi ka maliligaw at hindi rin nila malalaman na tayo ay umalis.” paniniguro ni Domeng Dyip kay Dan.


Nag-aalinlangan man ay sumama si Dan kay Domeng Dyip.

“Sige! Maari ba tayong mamasyal sa opisina ng aking mga magulang?” tanong ni Dan.




Una nilang pinuntahan ang himpilan ng mga pulis kung saan nagta-trabaho ang ama ni Dan.

Doon ay nakita niya ang mga pulis na gaya ng kaniyang Papa na siyang sumisiguro sa kaligtasan at seguridad ng mga mamamayan.



Sunod nilang pinuntahan ang opisina ng kaniyang Mama sa himpilan ng mga bombero ngunit nagkataon naming may sunog at kailangan ng responde sa kabilang bayan.

Nakita niya kung paano naapula ng mga bombero ang sunog at nakita rin niya kung paano nailigtas ng mga bombero ang mga tao.



“Maari rin ba tayo pumunta sa tinatawag nilang paaralan? Simula noong bata pa ako ay mga guro ko ang pumupunta sa aming bahay para turuan ako ng mga aralin kung kaya’t hindi ko alam ang itsura ng paaralan,” hiling ni Dan.

“Oo ba! Dadaan din tayo sa Munisipyo,” magiliw na sagot ni Domeng Dyip.


“Munisipyo? Ano yun?” nagtatakang tanong ni Dan.

“Tara, puntahan natin at nang lubos mong maunawaan,” sagot ni Domeng Dyip.


DOMENG

Ilang sandali lang ay narating na nila ang sentro ng bayan.

"Ito ang tinatawag nilang Munisipyo, ito ang lugar kung saan namamalagi ang namamahala sa buong bayan. At ang katabi naman nito ay ang tinatawag nilang paaralan," sabi ni Domeng Dyip.






"Wow! Ang laki pala nito at
ang daming bata na kagaya ko!"
sabi ni Dan.
"Tama ka! Dito pumapasok
ang mga bata upang matuto."
sabi ni Domeng Dyip.

Lubos na nalungkot si Dan dahil sa inggit niya sa ibang kabataan na malayang nakakapaglaro at pumapasok sa paaralan. Dahil dito ay nagpasya na silang umuwi.

Sa kagustuhan ni Dan na makapasok sa paaralan ay kinausap niya ang kaniyang mga magulang habang sila ay kumakain ng hapunan.

“Ma, puwede po ba akong pumasok sa paaralan? Doon po malapit sa Munisipyo.”



“Anak, hindi puwede. Noong bata ka pa ay may nagtangka sa buhay mo at muntik ka nang mawala sa amin. Ayaw na naming maulit iyon kaya nagbabayad kami nang malaki para sa iyong Home-schooling. Kaya hindi ka puwedeng pumasok sa paaralan,” sagot ng kaniyang ina.

"Teka, bakit alam mo na 'yung paaralan ay katabi ng Munisipyo? Paano ka nakarating doon? Sino ang kasama mo at lumabas ka ba ng bahay?" sunod-sunod na tanong ng ama ni Dan.

Napatakip ng bibig si Dan dahil nakalimutan niya ang lihim nila Domeng Dyip. Sa takot ni Dan sa kaniyang mga magulang ay ikinuwento niya sa kanila ang mga nangyari.




Hindi makapaniwala ang kaniyang mga magulang ngunit ilang sandali pa ay kumatok ang kanilang kapit-bahay upang magbigay ng ulam at nabanggit nito na napansin niyang lumabas mag-isa si Dan bitbit ang kanyang laruang dyip.



Kinabukasan, araw ng Sabado, nagpasyang hindi pumasok sa trabaho ang mga magulang niya para mamasyal silang mag-anak sa buong pamayanan. Habang namamasyal ay kinukuwento muli ni Dan ang kanyang mga karanasan sa pamamamasyal kasama si Domeng Dyip. Dahil dito ay lubhang nabahala ang kaniyang mga magulang.

Lubos na nagsisisi ang mga magulang ni Dan dahil sa tingin nila ay sila ang sanhi kung bakit nararanasan ni Dan ang mga bagay na ito.


DOMENG
DOMENG
DOMENG



Kinagabihan, nag-usap nang masinsinan ang mga magulang ni Dan tungkol sa mga karanasan ni Dan na tila ba malayo sa katotohanan. Napagtanto nila na kinakailangan ni Dan ng kanilang gabay at may malaking pagkukulang sila sa panahon na dapat ilaan sa kanilang anak.

Napagkasunduan nila na magbitiw sa trabaho ang kaniyang ina upang laging samahan at gabayan si Dan. Ang kaniyang ama naman ay laging sinisiguro na may sapat na oras siya na inilalaan kay Dan.

Hindi na rin nila kinukulong sa bahay si Dan. Hinayaan nila itong pumasok sa paaralan at lumabas ng bahay upang makipaglaro sa mga kapwa nito bata sa parke.



Tuwing araw ng Linggo ay pumupunta sila sa simbahan para manalangin. Pagkatapos ay mamamasyal silang buong mag-anak.
Tuluyang nang nawala sa isip ni Dan si Domeng Dyip hangang sa unti-unting bumuti ang kalagayan niya at lumaki itong isang masayahing bata.

